بسم الله الرحمن الرحيم

Ang Pagsasaling-Wika ng mga Kahulugan ng Banal na *Qur'ân*

Paunang Salita

Ang *Qur'ân* ay salita ng Allâh (ﷻ) na Kanyang ipinahayag ang mga titik at kahulugan nito sa kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ) bilang isang awa sa sanlibutan, (na ang kanyang katangian ay) tagapagdala ng magandang mensahe (sa sinumang naniwala at gumagawa ng kabutihan), tagapagbabala sa sinumang gumagawa ng kasamaan, at siya rin ay isang tagapaghikayat patungo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng Kanyang kapahintulutan at malinaw na liwanag.

Ang mga sumusunod ay maikling pagpapakilala hinggil sa *Qur'ân* at hinggil sa mensahe nito:

I: Ang kahulugan ng *Qur'ân* na Maluwalhati, at ang mga pangalan at mga katangian nito:

Ang *Qur'ân* ay salita ng Allâh (ﷻ), na ibinaba Niya sa kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ), na ginawang rebelasyon sa kanya ang mga titik at mga kahulugan nito, na naitala (o naisulat) sa *Mushaf*, na naipaabot sa atin nang magkakasunud-sunod na pagsalaysay, at itinuturing ang pagbasa nito na isang uri ng pagsamba sa Allâh (ﷻ).

Ang Allâh (ﷻ) ang siyang nagbansag (o nagpangalan) sa rebelasyon na Kanyang ibinaba sa Kanyang Sugo na si Muhammad (ﷺ) na "***Al-Qur'ân***,"[1] sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿ إِنَّا نَحۡنُ نَزَّلۡنَا عَلَيۡكَ ٱلۡقُرۡءَانَ تَنزِيلٗا ﴾ ﴿٢٣﴾ [الإنسان:٢٣].

Batay sa salin ng kahulugan: "***Katotohanan! Ibinaba Namin sa iyo***, ***O Muhammad*** (ﷺ), ***ang Qur'ân nang yugtu-yugto*** (paunti-unti)." [Al-Insân:23] At

[1] '***Al-Qur'ân***:' Ang literal na kahulugan nito ay: '*Isang bagay na binabasa*.'

ito’y sapagkat ang kalagayan ng *Qur’ân* ay binabasa at hindi maaaring layuan o talikuran.

Pinangalanan din ito ng Allâh (ﷻ) na “***Al-Kitâb***” (o Aklat),[2] sinabi ng Allâh (ﷻ):

(إِنَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ بِٱلۡحَقِّ) [النساء:١٠٥].

Batay sa salin ng kahulugan: “***Katotohanan***, ***ibinaba Namin sa iyo***, (*O Muhammad* ﷺ) ***ang Aklat*** (*Al-Kitâb*) ***na ang nilalaman nito ay makatotohanan***.” [An-Nisâ`:105] At ito’y sapagkat ang *Qur’ân* ay isinusulat at hindi winawalang-halaga.

At binansagan din ng Allâh (ﷻ) ang *Qur’ân* na: ***Furqân*** (ang pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kamalian), ***Dhikr*** (ang paalala), ***Hûda*** (ang gabay), ***Nûr*** (ang liwanag), ***Shifâ`*** (ang gamot o lunas), ***Hakeem*** (ang punung-puno ng kaalaman), ***Maw`idhah*** (isang aral), at iba pang mga katangian na nagpapatunay hinggil sa kadakilaan ng *Qur’ân* na Maluwalhati at sa pagiging ganap ng mensahe nito.

Ang salitang *Mushaf* naman ay hango mula sa salitang *Suhuf* (*leaf* o dahon ng kahoy) na kung saan ay unang isinulat dito ang *Qur’ân*, ito ay katawagan na ginamit ng mga *Sahâbah* bilang katawagan sa aklat na naisulat ang *Qur’ân* sa mga pahina nito.

Ang *Qur’ân* ay rebelasyon mula sa Allâh (ﷻ), na ito ay ipinahayag (dinala) ni Anghel *Jibreel* (عليه السلام) sa puso ng Propeta Muhammad (ﷺ), sinabi ng Allâh (ﷻ):

(وَإِنَّهُۥ لَتَنزِيلُ رَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ١٩٢ نَزَلَ بِهِ ٱلرُّوحُ ٱلۡأَمِينُ ١٩٣ عَلَىٰ قَلۡبِكَ لِتَكُونَ مِنَ ٱلۡمُنذِرِينَ ١٩٤ بِلِسَانٍ عَرَبِيّٖ مُّبِينٖ ١٩٥)

[الشعراء:١٩٢-١٩٥].

[2]‘***Al-Kitâb***:’ Ang literal na kahulugan nito ay: ‘*Aklat*.’

Batay sa salin ng kahulugan: “***At walang pag-aalinlangan**, **ang Qur**’**ân na ito**, **ay kapahayagan mula sa** ‘**Rabb**’ **ng lahat ng mga nilikha**, **na dinala ng** ‘**Ruhul Ameen**’ **– ang Mapagkakatiwalaang Espiritu** (**o Espiritu ng Katotohanan**) **na si Anghel Jibreel** (عليه السلام) **at kanya itong binigkas sa iyo**, **O Muhammad** (ﷺ), **hanggang sa ito ay naunawaan ng iyong puso**; **upang maging kabilang ka sa mga Sugo ng Allâh na binabalaan nila ang kanilang sambayanan** (**hinggil sa parusa ng Allâh** ﷻ). **Ipinahayag ito sa iyo ni Anghel Jibreel** (عليه السلام) **sa wikang** ‘**Arabic**’ **na malinaw ang pakahulugan at malinaw ang tinutukoy na katibayan***.” [Ash-Shu`arâ`:192-195]

At ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay hindi kakaiba sa mga naunang Sugo hinggil sa bagay na ito, sapagkat ang lahat ng mga kapatid niyang Sugo (`*Alayhimus-salâm*) ay dinadalhan din sila ni Anghel *Jibreel* (عليه السلام) ng rebelasyon mula sa Allâh (ﷻ), na kung saan ay pinipili ng Allâh (ﷻ) ang sinumang nais Niya mula sa mga tao na Kanyang pagkakatiwalaang magdadala ng dakilang responsibilidad na ito. Sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿ ٱللَّهُ يَصۡطَفِي مِنَ ٱلۡمَلَٰٓئِكَةِ رُسُلٗا وَمِنَ ٱلنَّاسِۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعُۢ بَصِيرٞ ﴾
[الحج:٧٥].

Batay sa salin ng kahulugan: “***Ang Allâh** (ﷻ) **ay pumipili mula sa Kanyang mga anghel ng mga Sugo tungo sa Kanyang mga Propeta**, **at pumipili rin ng tao bilang Kanyang mga Sugo**; **upang iparating ang Kanyang mga mensahe tungo sa mga tao**. **Katiyakan**, **ang Allâh** (ﷻ) **ang** ‘**Samee`**’ **– Ganap na Nakakarinig sa mga sinasabi ng Kanyang mga Alipin**, **na** ‘**Baseer**’ **– Ganap na Nakababatid sa lahat ng bagay***.” [Al-Hajj:75]

At ang Allâh (ﷻ) ang higit na nakababatid kung sino ang nararapat para rito at kung sino ang di-nararapat para rito. Dahil ang lahat ng nilikha ay Siya ang naglikha, sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿وَرَبُّكَ يَخۡلُقُ مَا يَشَآءُ وَيَخۡتَارُۗ﴾ [القصص٦٨].

Batay sa salin ng kahulugan: “***At ang Allâh*** (ﷻ) ***na iyong*** ‘***Rabb***’ ***ay nililikha Niya ang anuman na Kanyang nais na likhain***, ***at pinipili Niya sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal ang sinuman na Kanyang nais mula sa Kanyang nilikha***.” [Al-Qasas:68]

II: Ang Pagbaba ng *Qur*’*ân*:

Nag-umpisa ang pagbaba ng rebelasyon sa Propeta Muhammad (ﷺ) sa araw ng Lunes noong ikalabimpitong araw ng buwan ng *Ramadhân*, taong 610 A.D. sa kuweba ng Hira (sa isang bundok sa Makkah), na kung saan doon ay ipinahayag sa kanya ni Anghel *Jibreel* (عليه السلام) ang talatang ito:

(ٱقۡرَأۡ بِٱسۡمِ رَبِّكَ ٱلَّذِي خَلَقَ ١ خَلَقَ ٱلۡإِنسَٰنَ مِنۡ عَلَقٍ ٢ ٱقۡرَأۡ وَرَبُّكَ ٱلۡأَكۡرَمُ ٣ ٱلَّذِي عَلَّمَ بِٱلۡقَلَمِ ٤ عَلَّمَ ٱلۡإِنسَٰنَ مَا لَمۡ يَعۡلَمۡ ٥) [العلق:١-٥].

Batay sa salin ng kahulugan: “***Bigkasin mo***, (*O Muhammad* ﷺ), ***ang anumang ipinahayag sa iyo sa Pangalan ng iyong*** ‘***Rabb***’ ***na Siya ang lumikha ng lahat ng tao mula sa namuong dugo na malapot***. ***Bigkasin mo***, (*O Muhammad* ﷺ) ***ang anumang ipinahayag sa iyo! At katiyakan***, ***ang iyong*** ‘***Rabb***’ ***ay sagana sa kabutihan***, ***na Siya ang nagturo sa Kanyang nilikha ng pagsusulat sa pamamagitan ng panulat***, ***na tinuruan Niya ang tao ng bagay na hindi nito alam.***” [Al-`Alaq:1-5].

Kung kaya ito ang naging kauna-unahang talata sa *Qur*’*ân* na ibinaba sa Propeta Muhammad (ﷺ).

Pagkatapos (ng pangyayaring ito) ay umuwi ang Propeta Muhammad (ﷺ) sa kanyang pamilya na may pangamba at pagkatakot sa kanyang sarili. At pagkaraan niyang maikuwento ang nangyari sa kanyang asawa na si Khadijah bint Khuwailid (*radiyAllâhu `anha*) ay kanyang sinabi: “*Ako*’*y labis na nangamba sa aking sarili.*” Sinabi ni Khadijah (*radiyAllâhu `anha*): “*Huwag kang mangamba at matakot! Kundi asahan mo ang mabuting bagay. Sapagkat ako ay sumusumpa sa Ngalan ng Allâh na kailanman ay di ka Niya pababayaan, dahil ikaw ay*

nakikitungo nang maayos sa iyong mga kaanak, matapat ka sa iyong pananalita, tumutulong ka sa mga nangangailangan, pinapakitaan mo nang maayos na pagtanggap ang iyong mga panauhin, at nagdadalamhati ka sa anumang pangyayaring (*masasakalap na*) *makatotohanan.*" Pagkatapos ay dinala siya ni Khadijah (*radiyAllâhu `anha*) patungo kay Waraqah ibnu Nawfal, na isang taong maalam, kung saan ay sinabi sa kanya ni Khadijah: "*O aking Tiyuhin! Makinig ka sa sasabihin sa iyo ng anak ng iyong kapatid*," at pagkaraang isinalaysay sa kanya ng Propeta Muhammad (ﷺ) ang tungkol sa kanyang nakita, sinabi ni Waraqah ibnu Nawfal; "*Iyan ang anghel na nagpahayag din kay Propeta Mûsa* (عليه السلام)*, sana ako ay may lakas pa at nasa kabataang edad pa sa oras na ikaw ay itataboy ng iyong mga kababayan*." Pagkatapos ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagtanong: "*Ako ba ay tiyak na kanilang itataboy?* Sinabi ni Waraqah: "*Oo! Wala pang ni isang tao ang nagtangan ng dinadala mo kundi siya ay pinerwesyo. At kung sakaling maabutan ko pa ang araw mo ay matapat kitang tutulungan.*" At pagkatapos ng pakikipag-usap na iyon ay namatay si Waraqah paglipas lamang ng maikling panahon.

Ang *Qur*'*ân* ay hindi ibinaba sa Propeta Muhammad (ﷺ) nang minsanan lamang, kagaya ng pagpapahayag ng mga naunang banal na kasulatan sa mga naunang Propeta (*`Alayhimus-salâm*), bagkus ang *Qur*'*ân* ay ibinaba nang yugtu-yugto, o sa magkakahiwalay na panahon sa loob ng dalawampu't tatlong taon, kung minsan ang ibinababa ay buong kabanata ng *Qur*'*ân* nang minsanan, at kung minsan naman ay ilang talata (*Âyah*) lamang mula sa isang kabanata.

At ang layunin kung kaya ibinaba ang *Qur*'*ân* sa magkakahiwalay na panahon (yugtu-yugto)[3] ay upang lalo pang maging matatag ang kalooban ng Propeta Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng pabalik-balik na pagdala ni Anghel *Jibreel* (عليه السلام) ng rebelasyon. Na kung saan ito ay upang lalong mapalakas at mapatatag nang maigting ang pakikipagharap ng Propeta Muhammad (ﷺ) sa mga

[3]Tingnan: *Tafseer At-Tabari*, Tomo 19, pahina 10

pagsuway ng *Mushrikeen* at mula sa paglabag nila sa anumang ipinahayag sa Propeta Muhammad (ﷺ) sa umpisa ng pagkasugo sa kanya. Sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿ وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ لَوۡلَا نُزِّلَ عَلَيۡهِ ٱلۡقُرۡءَانُ جُمۡلَةٗ وَٰحِدَةٗۚ كَذَٰلِكَ لِنُثَبِّتَ بِهِۦ فُؤَادَكَۖ وَرَتَّلۡنَٰهُ تَرۡتِيلٗا ﴾ [الفرقان:٣٢].

Batay sa salin ng kahulugan: "***At sinabi ng mga yaong di-naniniwala***: '***Bakit hindi na lang ipinahayag nang minsanan ang Qur'ân kay Muhammad*** (*na katulad ng* '*Tawrah*,' '*Injeel*' *at saka* '*Zabour*')*?*'" Sinabi ng Allâh (ﷻ)***:*** "***Ganoon Namin ipinahayag sa iyo***, ***O Muhammad*** (ﷺ), ***ang Dakilang Qur'ân nang hindi minsanan*** (*baha-bahagi*); ***upang patibayin ang iyong puso at upang maragdagan ang iyong kapanatagan na maintindihan at makakayanan mong sundin***, ***at ito ay Aming ipinahayag sa iyo nang yugtu-yugto.***" [Al-Furqân:32]

Isa pa sa mga magandang layunin kung kaya ibinaba ang *Qur'ân* nang yugtu-yugto ay alang-alang sa isang napakahalagang katuruan; ito ay ang pagtuturo sa mga mananampalataya ng karunungan at mga batas hinggil sa *Islâm* sa paraang paunti-unti (bai-baitang), upang mapadali para sa kanila ang pag-aaral at pag-unawa sa mga katuruan nito. Gayundin, upang mapadali sa kanila ang paglayo mula sa kadiliman ng anumang nakagisnan nilang kamangmangan, kawalan ng pananampalataya at pagtatambal sa pagsamba sa Allâh (ﷻ) patungo sa liwanag ng pananampalataya, pagkilala sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at ng kaalaman.

III: Ang Pagkakasulat ng *Qur'ân*:

Kabilang sa mahalagang paraan ng mga mangangalaga sa mga salaysay ay ang pagsusulat nito. Ang anumang salita na hindi naisulat ay isang dahilan upang ito ay makalimutan, at dahil sa ang *Qur'ân* ay ipinahayag bilang gabay sa sanlibutan hanggang sa huling araw, nararapat na ito ay maisulat.

Katunayan ay nagtamo ng malaking pagpapahalaga ang pagsulat ng *Qur'ân* mula sa Propeta Muhammad (ﷺ), katiyakan ay ipinag-utos niya sa kanyang mga kasamahan na marunong magsulat na isulat ang *Qur'ân*, bukod pa

rito ay ginawa niya silang mga tagapagsulat ng rebelasyon, na isa sa mga pinakakilalala mula sa kanila ay si Zayd bin Thabit Al-Ansâri (رضي الله عنه).[4]

At sa tuwing may ibinababang rebelasyon sa Propeta Muhammad (ﷺ) ay kaagad niya itong isinasaulo at pagkatapos ay kanya itong idinidikta sa isa sa kanyang mga kasamahan upang maisulat nila ito. Na sinasabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): "*Ilagay ninyo ang Âyah* (*o talata*) *na ito sa isang Sûrah* (*kabanata*) *ng Qur'an na may nakasaad na ganito at ganyan..*"[5] na kung saan ay kanyang tinutukoy sa kanila kung aling *Sûrah* sa *Qur'ân* at kanyang iniuutos sa kanila na isulat nila ang mga talata ng *Qur'ân* sa naturang *Sûrah*. Pagkatapos noon ay saka niya inuutusan ang mga *Sahâbah* na pag-aralan at isaulo ang naibabang talata mula sa *Qur'ân*. At sa ganitong paraan ay naisulat ang buong *Qur'ân* sa panahon ng Propeta Muhammad (ﷺ) sa mga dahon ng kahoy (at sa mga balat ng hayop).[6]

At sa bawat taon ay nakikipagharap ang Anghel *Jibreel* (عليه السلام) sa Propeta Muhammad (ﷺ) upang pag-aralan ang *Qur'an*, at sa taon na namatay ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay dalawang beses binasa ni Anghel *Jibreel* (عليه السلام) ang *Qur'ân* sa Propeta Muhammad (ﷺ) nang magkakasunud-sunod ang mga kabanata at mga talata nito, katulad sa nakasaad sa *Mushaf* (aklat) na ginagamit ng mga Muslim sa ngayon. Ito ay bilang patunay sa sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿إِنَّ عَلَيْنَا جَمْعَهُۥ وَقُرْءَانَهُۥ ﴿١٧﴾ فَإِذَا قَرَأْنَٰهُ فَٱتَّبِعْ قُرْءَانَهُۥ ﴿١٨﴾﴾ [القيامة:١٧-١٨].

Batay sa salin ng kahulugan: "***Katiyakan*, *pagsasama-samahin Namin ito sa iyong kalooban*, *pagkatapos ay mabibigkas mo ito sa pamamagitan ng iyong dila kung kailan mo ito naisin*. *Na kung kaya*, *kapag binigkas ito sa iyo – ng Aming Sugo na si* (*Anghel*) *Jibreel*** (عليه السلام) – ***ay makinig ka sa pagbibigkas niya at***

---

[4]Tingnan: *Tafseer At-Tabari*, Tomo-I, pahina 28
[5]Naiulat ni *Abi Dawud* (786), *Tirmidhi* (3086), at naiulat din ni *Al-Hakim* sa Kanyang aklat na *Al-Mustadrak* (3325) at siya ay nagsabi: '*Ang Hadith na ito ay Saheeh* (*mapapanaligan ang pinanggalingan nito*).'
[6]Naiulat ni *Imâm Al-Bukhâri*, (4592-4593).

***tumahimik ka para rito*, *pagkatapos ay saka mo bigkasin na katulad ng ginawa niya na pagkabigkas sa iyo*, *pagkatapos ay walang pag-aalinlangan*.**” [Al-Qiyâmah:17-18]

At sinabi rin ng Allâh (ﷻ): ﴿سَنُقۡرِئُكَ فَلَا تَنسَىٰٓ ٦﴾ [الأعلى:٦].

Batay sa salin ng kahulugan: “*Walang pag-aalinlangan*, *O Muhammad* (ﷺ) *na bibigkasin Namin sa iyo*, *ang Qur*’*ân na ito ng pagbibigkas na hindi mo na makalilimutan.*” [Al-A`lâ:6]

IV: Ang Pagkakalikom ng *Qur*’*ân* sa Isang Aklat:

Pagkaraan ng pagkamatay ng Propeta Muhammad (ﷺ) ipinag-utos ni Abu Bakr As-Siddiq (رضي الله عنه) na siyang humalili sa Propeta Muhammad (ﷺ) na tipunin ang *Qur*’*ân* sa maayos na pagkakasulat nito sa iba’t ibang pahina. Ito ay sa pangamba na baka mawala ang anumang bahagi ng *Qur*’*ân* kapag mamatay ang mga *Sahâbah* na nakasaulo nito o di kaya ay sa pagkakasira ng mga balat ng hayop na pinagsulatan nito. Kung kaya, ang gawaing ito ay pinangunahan ng tagasulat ng *Wahî* (rebelasyon) na si Zaid Ibn Thabit (رضي الله عنه), kaya pagkatapos niya itong suriin at tiyakin ang pagkakatugma nito sa nakaukit sa mga balat ng hayop at sa naisaulo ng mga *Sahâbah*; itinago ang mga naturang kopya sa bahay ni Abu Bakr As-Siddiq (رضي الله عنه), na ito ay nanatili roon hanggang sa siya ay binawian ng Allâh (ﷻ) ng buhay. Pagkatapos ng pagkamatay ni Abu Bakr (رضي الله عنه) ay nanatiling nakatago ang kopyang iyon sa bahay ng pangalawang *Khalîfah* na si `Umar (رضي الله عنه), at pagkatapos naman ng pagkamatay ni `Umar (رضي الله عنه) ay lumipat ang pangangalaga nito sa bahay ng asawa ng Propeta Muhammad (ﷺ) na si Hafsah bint `Umar (*radiyAllâhu `anha*).[7]

Sa paglaganap at pagdami ng mga Muslim, kinailangan nila ang magkaroon ng kani-kanyang kopya ng *Qur*’*ân* upang basahin nila. Kung kaya, nagmungkahi ang ilan sa mga *Sahâbah* sa *Khalîfah Ar-Rashid* na si `Uthman Ibnu

[7]*Sahih Al-Bukhâri* (4986), *Tirmidhi* (3103), *Musnad Al-Imâm Ahmad* (76).

Affan (﵁) na dapat magkaisa ang mga tao sa iisang kopya lamang ng *Qur'ân* ng isang *Imâm* na susundin nila ang paraan ng kanyang pagbasa. Alinsunod dito, ipinag-utos ni `Uthman (﵁) sa iilan sa mga nakasaulo ng *Qur'ân* na marunong sa pagsusulat na gampanan ang naturang gawain, kung kaya, ito ay pinangunahan ni Zaid Bin Thabit (﵁). Na kung saan ginawa nilang batayan ang nabuong *Qur'ân* na nakasulat sa iba't ibang piraso ng balat ng mga hayop mula pa noong panahon ni Abu Bakr (﵁), pagkatapos saka nila binuo ang naturang mga pira-pirasong pinagsulatan ng *Qur'ân* (*Suhuf*) sa iisang kopya lamang, at pagkatapos kumopya sila mula rito ng maraming kopya at saka nila pinadalhan ang bawat malalaking bayan ng mga Muslim ng tig-iisang kopya nito. At ipinag-utos sa kanila na komopya mula rito ng maraming kopya.

Lahat ng kilalang kopya ng *Qur'ân* sa buong mundo sa ngayon, maging ito man ay mula sa sulat-kamay o di kaya ay ang mga naimprinta sa mga palimbagan (*Printing Press*); lahat nito ay nagmula sa mga naturang kopya na ipinadala sa iba't ibang lugar, na kung saan ay walang ipinagkaiba ang mga ito sa nilalaman at sa pagkakaayos o pagkakasunud-sunod.

Hanggang sa ngayon ay patuloy ang pagpapahalaga ng mga Muslim sa paglimbag ng kopya ng *Qur'ân* at paggamit ng mga makabagong kagamitan at mga teknolohiya upang maisakatuparan ang pinakamataas na antas ng kalidad at kaayusan sa pagsusulat ng mga teksto ng *Qur'ân* na tumutugma ang guhit ng pagkakasulat nito mula pa noong panahon ni `Uthman Ibnu Affan (﵁), na ito ang tinatawag na *Rasm Al-`Uthmanie* (guhit-kamay na *`Uthmanie*).

Itinuturing ang *King Fahd Complex for the Printing of the Holy Qur'ân* sa Al-Madinah Al-Munawwarah na isa sa mga tanyag na palatandaan na nagpapatunay sa napakalaking pagpapahalaga sa *Qur'ân*, na ito ay nagpapatunay hinggil sa pagsusumikap ng mga namumuno sa Kaharian ng Saudi Arabia sa Aklat ng Allâh (﷿) at nagpapatunay sa kanilang paglilingkod sa *Qur'ân* at sa

sambayanang Muslim upang maging madali sa kanila ang pagtamo ng kopya nito sa pinakamagandang uri ng disenyo ng paglimbag at pagsasaaklat nito.

V. Ang Pagkakasunud-sunod ng *Qur'ân* at ang paghahati-hati nito:

Nagsisimula ang *Qur'ân* sa *Sûrah Al-Fâtihah* at nagtatapos naman sa *Sûrah An-Nâs*, na ito ay binubuo ng 114 na *Sûrah* (kabanata); ang pagkakaayos na ito ay batay sa nakasaad sa ipinahayag ng Propeta Muhammad (ﷺ), at hindi pinagbabasihan ang pagkakapahayag nito, sapagkat ang kauna-unahang *Sûrah* na ibinaba ay *Sûrah Al-`Alaq*, samantalang ang kinalalagyan nito sa *Qur'ân* ay ika-96 na kabanata. Katiyakan! Alam na alam ng mga *Sahâbah* ang pagkakasunud-sunod ng *Qur'ân* mula sa pagbabasa ng Propeta Muhammad (ﷺ) nito.[8]

Hinahati ang kopya ng *Qur'ân* sa ngayon sa tatlumpung bahagi (*Juz`*) na ang bawat *Juz`* ay nahati sa dalawang *Hizb* (hati) at ang bawat *Hizb* ay nahati sa apat na parte (tinatawag ang bawat hati nito na *rubu`*). Ang paghahati-hating ito ay karamihang nagmula sa pagsisikap ng mga dalubhasang Paham o Iskolar ng *Islâm*. Ito ay upang mapadali ang pagbabasa ng *Qur'ân* para sa sambayanang Muslim.

VI. Ang Pag-aaral ng *Qur'ân*:

Malaking pagpapahalaga ang inilaan ng mga Muslim sa pag-aaral ng *Qur'ân*, sa pagsasaulo ng teksto nito at sa pagbabasa sa paraan kung paano ito ipinahayag sa Propeta Muhammad (ﷺ). Na kung saan ay itinuro ng mga *Qurra* (dalubhasang mambabasa o nakasaulo ng *Qur'ân*) sa mga *Tabi`een* ang pagbabasa nito hanggang sa naisaulo nila ang teksto ng mga ito. Gayundin, kanilang pinag-aralan ang bawat *Âyah* nito hanggang sa naunawaan nila ang mga nais ipakahulugan nito. Kung kaya, kapwa natutunan nila ang kaalaman at ang pagsasabuhay ng kaalamang natutunan nila. Hanggang sa nakapagtayo ang mga

---

[8]Nabanggit ito ni *Ad-Dâni* sa kanyang aklat na *Al-Muqni`* (ikawalong pahina) mula sa nakasaad kay Imâm Mâlik Ibnu Anas.

Tabi`een ng mga paaralan para sa pagbabasa ng *Qur'ân*. Na kung saan ay pinanatili nila ang anumang natutunan nila mula sa mga *Sahâbah* na pamamaraan ng pagbabasa nito, ang wastong paraan ng pagbigkas nito, ang bilang ng mga titik at mga salita nito, ang pagkakasunud-sunod ng mga *Sûrah* at mga *Âyah* nito. Kung kaya, nanatili ang *Qur'ân* na pinag-aaralan, isinasaulo, at binabasa ng isang mag-aaral mula sa kanyang tagapagturo na dalubhasa at *Hafiz* (o taong naisaulo ang buong *Qur'ân*) sa paraang *verbal* (*letra por letra*) sa malinaw na wikang *Arabic*, na animo'y napakasariwa pa rin nito na katulad ng pagkakapahayag sa Propeta Muhammad (ﷺ) hanggang sa araw na ito.

Ang *Qur'ân* ay binabasa sa magkakaibang paraan ng pagbasa, na ibig sabihin nito ay ang pamamaraan ng pagbigkas ng mga titik nito at tono ng pagbabasa nito. Na siyang pamamaraan na minana ng mga *Tabi`ûn* mula pa sa mga *Sahâbah* na natutunan naman nila mula sa Propeta Muhammad (ﷺ), na kung saan, ang mga paraang ito ay kanyang pinahintulutan o sinang-ayunan. Itinuturing na ang pinakakilalang paraan ng pagbabasa sa panahon natin ngayon ay ang pagbabasa ni *Asim* batay sa naiulat ng isa sa kanyang mga mag-aaral na si *Hafs bin Sulaymân*; gayundin, ang pagbabasa ni *Nafi`* batay sa naiulat ng isa sa kanyang mag-aaral na si *`Uthman bin Sa`eed* na kilala sa pangalang *Warsh*; gayundin, ang naiulat ni *Ad-Dûri`* mula kay *Abu `Amr Al-Basri*, at ang naiulat ni *Qalûn* mula kay *Nafi`*.

VII. Ang *Tafseer* (Pagpapaliwanag) ng *Qur'ân*:

Ang ibig sabihin ng *Tafseer* o pagpapaliwanag ng *Qur'ân* ay ang paglilinaw ng mga kahulugan nito.[9] At hindi maaaring maunawaan ang anumang salita maliban lamang kung pag-aaralan nang masinsinan ang mga ipinapakahulugan at ang mga ipinapahiwatig nito. Katiyakan, hinimok ng Allâh

---

[9]Tingnan ang aklat na *Al-Burhân*, isinulat ni *Az-Zarkashie.*

(ﷺ) ang isang mambabasa ng *Qur'ân* na unawain ang mga kahulugan nito, sinabi ng Allâh (ﷻ):

(كِتَٰبٌ أَنزَلۡنَٰهُ إِلَيۡكَ مُبَٰرَكٞ لِّيَدَّبَّرُوٓاْ ءَايَٰتِهِۦ وَلِيَتَذَكَّرَ أُوْلُواْ ٱلۡأَلۡبَٰبِ ٢٩) [ص: ٢٩].

Batay sa salin ng kahulugan: "***Ang Aklat na ito***, (*O Muhammad* ﷺ) ***na Aming ibinaba sa iyo ay punung-puno ng biyaya***; ***upang suriin nila ang mga talata nito***, ***at upang makaalaala*** (*sa Allâh* ﷻ) ***ang mga taong nagtatangan ng matitinong pag-iisip***." [Sãd:29] At ang pagsusuri samakatuwid ay nangangahulugan na pag-unawa.

Katunayan! Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay ipinapaliwanag niya sa mga *Sahâbah* ang anumang di nila nauunawaan mula sa *Qur'ân*.[10] Subalit ang pagiging dalubhasa nila sa wikang *Arabic* noon at ang pagbaba ng *Qur'ân* sa sariling wika nila ay siyang sanhi na hindi na nila kinailangan pa ng maraming katanungan hinggil sa mga kahulugan ng *Qur'ân*. Subalit habang tumatagal ang panahon ay lalong nangangailangan ang mga tao hinggil sa kaalaman sa *Tafseer.*

Nabuo sa pamamagitan ng mga salitang nalikom at nakasaad mula kay Propeta Muhammad (ﷺ), sa mga *Sahâbah* at sa mga *Tabi`een* ang tungkol sa *Tafseerul Qur'ân* (kapaliwanagan sa *Qur'ân*), at tumubo ang binhi ng kaalaman hinggil sa *Tafseer*. Na ito ay tinawag noon na '*At-Tafseer Al-Ma`thûr*' (ang kapaliwanagan ng *Qur'ân* batay sa mga nakasaad). Ito ay itinuturing na pinakamahalagang sangkap sa pag-unawa ng *Qur'ân*, dahil ito ang nagpapaliwanag sa atin ng tungkol sa naunawaan ng mga sinaunang henerasyon sa mga talata ng *Qur'ân*, ito ay sa pagiging dalubhasa at likas na bihasa sa wikang *Arabic* ng mga naunang henerasyon, at sa mga nakita at nasaksihan nilang pangyayari at mga kalagayan na naganap sa panahon ng pagbaba ng *Qur'ân*.

1.) Ang Dalawang Uri ng *Tafseer*:

[10]Tingnan: *Tafseer At-Tabari* (1/37), gayundin ang aklat na *Muqaddimah fi `Usool At-Tafseer*, na isinulat ni Ibnu Taymiyah, pahina 35.

Iba’t iba ang tinahak na direksyon ng mga maalam sa *Tafseer* tulad din ng pagkakaiba-iba nila sa kanilang pinagdalubhasaang kaalaman. May *Tafseer* na binibigyang-halaga ang patungkol sa wika ng *Qur’ân*, at may *Tafseer* naman na binibigyang-halaga ang mga batas na nakasaad sa *Qur’ân* (*Fiqh*). At mayroon namang *Tafseer* na binibigyang-halaga ang patungkol sa Kasaysayan, Pangkaisipan, Asal at iba pa. Dahil dito, binahagi ng mga maalam sa *Islâm* ang *Tafseer* sa dalawang bahagi:

UNA: ‘*Tafseer bil Ma`thûr*,’ ito ay *Tafseer* na nagmula kay Propeta Muhammad (ﷺ) at sa kanyang mga *Sahâbah* at sa mga taong sumunod sa mga kasamahan ni Propeta Muhammad (ﷺ) [Tabi`een].

PANGALAWA: ‘*Tafseer bil Ra`î*,’ na ito ay pagpapaliwanag ng *Qur’ân* sa pamamagitan ng opinyon ng isang maalam, batay sa tamang pundasyon ng kaalaman.

2.) Ang Pinakamabuting Uri ng *Tafseer*:

Ang pinakamainam na *Tafseer* ay ang ‘*Tafseer bil Ma`thûr*,’ sapagkat ito ay nagmula sa Propeta Muhammad (ﷺ), sa kanyang mga kasamahan, at sa kanilang mga mag-aaral mula sa mga *Tabi`een*. Sila ang pinakamaalam na tao tungkol dito. At kung sakali man na kinakailangan ang karagdagang pagpapaliwanag, nararapat sa ‘*Mufassir*’ (ang taong nagpapaliwanag ng *Qur’ân*) ang malaman ang mga sumusunod na mga alituntunin:

i.] Pagsunod sa mga nakasaad sa “*Tafseer bil Ma`thûr*,” at huwag sumalungat dito.

ii.] Pagsang-ayon sa pangkalahatang kahulugan na nakasaad sa loob ng *Qur’ân* na ipinaliwanag sa (*Sunnah*) o Katuruan ng Propeta Muhammad (ﷺ). Hindi nararapat sa isang *Mufassir* na sumalungat sa pangkalahatang kahulugan na yaon. Ang mga salita sa *Qur’ân* ay naipapaliwanag din mismo ng *Qur’ân* at walang pagkakasalungat dito. Gayundin, ang mga

Katuruan ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagpapaliwanag sa mga hindi tuwirang lantad ang kahulugan sa *Qur'ân* at kanya itong nililinaw.

iii.] Pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa Wikang *Arabic* at sa panitikan nito. Ang *Qur'ân* ay naibaba sa wikang *Arabic*, na kung kaya, nararapat na maintindihan ito ayon sa saligan ng wika nito.

iv.] Isangguni ang mga talatang '*Mutashâbihât*' (hindi tuwirang lantad ang kahulugan) sa mga talatang '*Muhkamât*' (ganap na malilinaw ang kahulugan). Katotohanan, ang mga salita sa *Qur'ân* ay naipapaliwanag sa loob ng *Qur'ân*. At karamihan sa mga talata ng *Qur'ân* ay '*Muhkamât*' o ganap na malilinaw ang kahulugan nito. At may mga talata na '*Mutashabihat*' o hindi tuwirang lantad ang kahulugan na maaaring ikalito ng ilan, subalit ang pagsangguni nito sa mga talatang '*Muhkamât*' ay nakakatulong sa pag-unawa ng tamang kahulugan nito. Sinabi ng Allah (ﷻ):

(هُوَ ٱلَّذِيٓ أَنزَلَ عَلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَ مِنۡهُ ءَايَٰتٞ مُّحۡكَمَٰتٌ هُنَّ أُمُّ ٱلۡكِتَٰبِ وَأُخَرُ مُتَشَٰبِهَٰتٞۖ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ فِي
قُلُوبِهِمۡ زَيۡغٞ فَيَتَّبِعُونَ مَا تَشَٰبَهَ مِنۡهُ ٱبۡتِغَآءَ ٱلۡفِتۡنَةِ وَٱبۡتِغَآءَ تَأۡوِيلِهِۦۖ وَمَا يَعۡلَمُ تَأۡوِيلَهُۥٓ إِلَّا ٱللَّهُۗ
وَٱلرَّٰسِخُونَ فِي ٱلۡعِلۡمِ يَقُولُونَ ءَامَنَّا بِهِۦ كُلّٞ مِّنۡ عِندِ رَبِّنَاۗ وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّآ أُوْلُواْ ٱلۡأَلۡبَٰبِ ٧)

[آل عمران:7].

Batay sa salin ng kahulugan: "*Siya ang nagbaba sa iyo* (*O Muhammad* ﷺ) *ng Aklat* (*Qur'ân*), *na ang mga nasa loob nito ay mga Talata na* '*Muhkamât*' (*ganap na malilinaw ang kahulugan*), *ito ang mga pangunahing haligi ng Aklat*; *at naririto rin ang ibang mga Talata na* '*Mutashâbihât*' (*hindi tuwirang lantad ang kahulugan*), *na ang mga ito ay mauunawaan lamang sa pamamagitan ng ibang mga Talata*

na ganap na malilinaw ang kahulugan (‘*Muhkamât*’), *subalit sa mga yaong ang puso ay may sakit na pagkaligaw dahil sa kanilang masamang layunin*, *ang sinusunod lamang nila ay ang mga ganitong uri ng Talata na hindi lantad ang kahulugan* (‘*Mutashâbihât*’), *nang sa gayon ay makapagkalat sila ng mga pag-aalinlangan sa mga tao upang ang mga ito ay iligaw*; *at nagbibigay sila ng kanilang sariling pakahulugan na sang-ayon lamang sa kanilang maling paniniwala*. *Walang sinuman ang nakaaalam ng tunay na mga kahulugan nito* (‘*Mutashâbihât*’) *kundi ang Allâh* (ﷻ) *lamang*. *At yaong pinagkalooban ng malawak na kaalaman, kanilang sinasabi*: “*Pinaniniwalaan namin ang buong Qur*’*ân na dumating sa amin na nagmula sa aming* ‘*Rabb*.’” *At ibinabatay nila ang anumang hindi lantad na mga kahulugan sa mga lantad o malilinaw na kahulugan*; *na kung kaya*, *ang tanging makaiintindi lamang at makapagsusuri ng mga kahulugan nito* (‘*Mutashâbihât*’ *at* ‘*Muhkamât*’) *sa tamang pananaw ay ang sinumang pinagkalooban ng dalisay at matutuwid na pag-iisip*.” [Alẽ-`Imrân:7].

Pagsangguni sa mga makatotohanang kaalaman sa pagpapaliwanag ng mga Talata na patungkol sa Siyensya. At huwag paghaluin ang pawang mga teyorya o walang katotohanang kaalaman sa pagpapaliwanag ng *Qur*’*ân*.

Mag-ingat sa mga masamang paliwanag na nagpapalayo sa kahulugan ng Salita ng Allah (ﷻ) mula sa makatotohanang batas na dalisay, at ikalilihis nito mula sa pundasyon ng wikang *Arabic*; ito man ay sa pamamagitan ng

pagpalit ng kahulugan, o nang dahil sa kakulangan ng kaalaman sa wikang *Arabic* at sa mga kahulugan at paggamit nito, o sa pamamagitan ng mga ilusyon o haka-haka na mga kahulugan na di-kaaya-aya sa Salita ng Allah (ﷻ).

VIII. Ang Paghahamon ng *Qur'ân* (*I`jazul Qur'ân*):

Ang kahulugan ng *Al-I`jaz* (mahimala): ay isang di-pangkaraniwang katangian na malalampasan nito ang kakayanan sa pagbuo ng gawain o di kaya ay opinyon o pangangasiwa.

Ang *Muh`jiza* naman ay mga kaganapan na nagpapatotoo sa mga Tanda ng mga Sugo at Propeta – sumakanila nawa ang kapayapaan at pagpapala – ang katagang ito ay hindi nabanggit sa *Qur'ân*, subalit ang nabanggit na kataga hinggil dito ay ang *Al-Âyat* (Tanda) at *Al-Burhân* (Patunay) at iba pa.

At ang *Qur'ân* ay Salita ng Allah (ﷻ), na nagtataglay ng ganap na kahulugan at kagandahan sa Kanyang mga Talata, Salita, at Pagkakabuo ng kanyang mga Pangungusap, na hindi kayang tapatan ng sinuman. Sinabi ng Allah (ﷻ):

﴿الٓرۚ كِتَٰبٌ أُحۡكِمَتۡ ءَايَٰتُهُۥ ثُمَّ فُصِّلَتۡ مِن لَّدُنۡ حَكِيمٍ خَبِيرٍ ١﴾ [هود:١].

Batay sa salin ng kahulugan: "***Alif***, ***Lãm***, ***Râ***; (*ito ay mga titik sa wikang Arabic na tanging ang Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan*). (*Ito ay isang*) ***Aklat*** *na nasa ganap na kaayusan na walang pagkukulang at walang pagkakamali, at pagkatapos ay ipinaliwanag nang ganap ang mga Talata nito* (*sa bawat larangan ng karunungan – hinggil sa mga ipinag-uutos at ipinagbabawal*, *ipinahihintulot* ['*Halâl*'] *at di-ipinahihintulot* ['*Harâm*']); *na mula sa Allâh* (ﷻ) *na Siyang* '***Hakeem***' *– Ganap na Maalam at Tigib ng Karunungan, na* '***Khabeer***' *– Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nakababatid* (*ng lahat ng bagay*)." [Hûd:1]

Katiyakan! Tinangka ng mga hindi mananampalataya na itanim sa isipan ng mga tao ang pag-alinlangan sa pinagmulan ng *Qur*'*ân* at mailayo sila mula rito sa pamamagitan ng pagkatha ng mga kasinungalingan at pagpalaganap ng mga *Shubuhât* (mga Talatang hindi tuwirang lantad ang kahulugan) sa mga walang kaalaman, na kung kaya, nagpahayag ang Allâh (ﷻ) ng mga Talata, na kung saan ay hinamon Niya ang mga walang pananampalataya na bumuo ng katulad ng *Qur*'*ân*, o kahit sampung Kabanata (*Sûrah*) man lamang, o kahit isang Kabanata man lamang, kung sila nga ba ay makatotohanan sa kanilang mga paratang, subalit hindi nila ito nakayanan, at kanilang napagtanto na ang *Qur*'*ân*, kahit pa ito ay salitang *Arabic* ay hindi ito maaaring pantayan o tularan. Sinabi ng Allah (ﷻ):

﴿أَمۡ يَقُولُونَ ٱفۡتَرَىٰهُۖ قُلۡ فَأۡتُواْ بِسُورَةٖ مِّثۡلِهِۦ وَٱدۡعُواْ مَنِ ٱسۡتَطَعۡتُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ إِن كُنتُمۡ صَٰدِقِينَ ٣٨﴾ [يونس:٣٨].

Batay sa salin ng kahulugan: "*O sinasabi ba nila*: '*Hinuwad lamang ito* (*Qur*'*ân*) *ni Muhammad* (ﷺ)*? Sabihin mo sa kanila*: "(*Gumawa kayo o*) *Dalhan ninyo* (*ako*) *kung gayon ng isang* '*Sûrah*' (*kabanata*) *na katulad nito, at magpatulong kayo sa sinumang may kakayahan na tumulong sa inyo bukod sa Allâh, kung kayo ay totoo sa inyong pag-aangkin*." [Yûnus:38]

Ipinahayag din ng *Qur*'*ân* nang lantad na hindi kailanman makakayanan ng buong sangkatauhan at ng *Jinn* na bumuo ng katulad ng Maluwalhating *Qur*'*ân*, kahit na silang lahat ay magtulungan. Sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿قُل لَّئِنِ ٱجۡتَمَعَتِ ٱلۡإِنسُ وَٱلۡجِنُّ عَلَىٰٓ أَن يَأۡتُواْ بِمِثۡلِ هَٰذَا ٱلۡقُرۡءَانِ لَا يَأۡتُونَ بِمِثۡلِهِۦ وَلَوۡ كَانَ بَعۡضُهُمۡ لِبَعۡضٖ ظَهِيرٗا ٨٨﴾ [الإسراء:٨٨].

Batay sa salin ng kahulugan: "*Sabihin mo sa kanila, O Muhammad* (ﷺ): "*Kahit na magsama-sama pa ang sangkatauhan at ang mga* '*Jinn*' *upang magkasundo na gumawa ng katulad ng Qur*'*ân na ito ay hindi nila ito makakayanang gawin, kahit na magtulung-tulong pa silang lahat para sa ganitong layunin*." [Al-Isrâ`:88]

Masasabi ring Mahimala ang *Qur*'*ân* sapagkat ito ay Salita ng Allah (ﷻ) na hindi maihahambing sa salita ng mga nilikha, at ito ay nagtatangan ng Tanda, at Patunay sa mga salita, mga talata, at sa wika nito, at mga nakapaloob na *Balagha* (matalinghagang-salita), mga balita, mga makatotohanang kuwento, at mga nakapaloob na mga batas, at lakas ng epekto nito sa puso at damdamin, at mga nilalaman nitong makatotohanang kaalaman na napakarami.

At di lamang ilan ang mga nabighani na mga Iskolar sa larangan ng Kalikasan, Kalawakan at mga nasa larangan ng kaalaman ng Siyensya, Medisina at iba pa sa mga nabanggit sa *Qur*'*ân* na mga makatotohanang kaalaman na may kaugnayan sa mga kaalaman na kanilang pinagkakaabalahan sa napakadetalyadong paraan, na hindi lubos mapaniwalaan na ito ay nanggaling sa isang Sugo na hindi marunong bumasa at sumulat, sa mundo na kung saan walang sinuman ang nakaaalam sa naturang mga bagay, na siyang naging dahilan ng pagyakap sa *Islâm* ng marami sa kanila; sapagkat kanilang napagtanto na ang nilalaman ng *Qur*'*ân* ay hindi kailanman salita ng tao, bagkus ito ay Salita ng Lumikha ng sangkatauhan, kalupaan at mga kalangitan.

Napakaraming mga Talata sa *Qur*'*ân* ang nagpapatunay sa Kaisahan ng Allâh (ﷻ) at sa pagpanimula Niya sa paglikha. Sinabi ng Allâh (ﷻ):

﴿ سَنُرِيهِمْ ءَايَٰتِنَا فِى ٱلْءَافَاقِ وَفِىٓ أَنفُسِهِمْ حَتَّىٰ يَتَبَيَّنَ لَهُمْ أَنَّهُ ٱلْحَقُّ ۗ أَوَلَمْ يَكْفِ بِرَبِّكَ أَنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴾ [فصلت ٥٣].

Batay sa salin ng kahulugan: "(*Walang pag-aalinlangan*), *ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga palatandaan sa mga kalangitan at kalupaan, at sa kanila mismong mga sarili, hanggang sa mapatunayan nila na walang pag-aalinlangang ito* (*ang Qur*'*ân*) *ay ang katotohanan. Hindi pa ba sapat bilang pagsaalang-alang sa inyong* '*Rabb*' *na Siya ang Saksi sa lahat ng bagay?*" [Fussilat:53]

IX: Ang Pagsasalin ng mga kahulugan ng *Qur*'*ân*:

Ang “*Tarjuma*” ay ang pagsasalin ng salita sa ibang wika, at ang pagsasalin ay sadyang napakahirap sapagkat ang pamamaraan ng wika ay kumakatawan sa isa sa mga kabuuan ng teksto. Maaaring mahirap ang pangangalaga sa pamamaraan ng wika ayon sa pagkakasalin nito sa ibang wika.

At kung gayon ang kalagayan ng pagsasaling-wika sa mga salita ng mga tao, tiyak na mas mahirap ang saling-wika kung ang isinasalin ay *Qur'ân* na siyang Salita ng Allâh (ﷻ) na nanggaling mismo sa Allâh (ﷻ) sa pamamagitan ng wikang *Arabic*. Ito rin ay rebelasyon na nagmula sa Allâh (ﷻ), ang mga salita at mga kahulugan nito. At hindi madali sa isang tao na magpanggap na ganap niyang naintindihan ang kabuuan ng *Qur'ân*, o kaya ay magpanggap na makayanan niyang isalin sa ibang wika sa tamang pamamaraan mula sa tekstong *Arabic*.

Sa kabila ng kahirapan sa pagsalin ng *Qur'ân*, ang mga Iskolar ng mga Muslim ay kanilang pinatitibayan ang lubos na pangangailangan sa pagpapalaganap ng *Qur'ân* at ng mga mensahe nito sa buong sangkatauhan sa mundong ibabaw, anuman ang kanilang wika. At ang pagpapatupad nito ay walang ibang paraan maliban sa pagsasalin nito.

At ang pagsasalin ng *Qur'ân* sa ibang wika ay sa pamamagitan ng:

a.) Pagsasalin ng mga kahulugan ng *Qur'ân*, na siyang pagsasalin na walang anumang pagpapaliwanag (*Tafseer*), at tumutukoy lamang sa kahulugan ng teksto ng *Qur'ân*.

b.) Pagsasalin na ayon sa kanyang paliwanag na may suportang pagpapaliwanag nito at pagbigay ng mga halimbawa. Ito ay katumbas ng pagpapaliwanag ng *Qur'ân* sa ibang wika sa hindi salitang *Arabic*.

Kahit pa gaano kalalim ang isinagawang pagsasalin ng *Qur'ân*, at kahit na gaano man kagaling ang nagsasalin sa dalawang wika, at malawak ang pang-unawa sa mga kahulugan ng mga Talata nito; ang naturang pagsasalin ay kailanman ay hindi maaaring tawaging *Qur'ân* sa dalawang kadahilanan:

UNA: Ang *Qur'ân* ay salita ng Allâh (ﷻ), ibinaba sa wikang *Arabic* at ito ay nasa sukdulan ng pagpapaliwanag at batas, at ang pagsalin nito sa ibang wika ay ikalalabas nito sa katawagang *Qur'ân*.

PANGALAWA: Ang pagsasalin ay nagpapahayag ng pag-unawa ng nagsasalin sa mga kahulugan ng *Qur'ân*. Sa puntong ito ay kahalintulad ito ang *Tafseer* (paliwanag) ng *Qur'ân*. Kaya, kung ang *Tafseer* ay hindi *Qur'ân*, gayundin na ang pagsalin nito ay hindi rin matatawag na *Qur'ân*.

At upang maging katanggap-tanggap ang pagsalin ng mga kahulugan ng *Qur'ân*, nararapat na masunod ang mga alituntunin na inilagay ng mga Iskolar ng *Islâm* sa pagpapaliwanag ng mga kahulugan ng *Qur'ân*. Kalakip ang pag-iingat ng tagapagsalin na maging sanhi ang kanyang pagsalin ng *Qur'ân* ng pagpalaganap ng maling mga pakahulugan ng *Qur'ân*, o di kaya ay ang mga bagay na lumalabag sa mga banal na gawain ng mga Muslim. Na kung saan ganito ang nangyari sa ibang pagsasalin ng *Qur'ân* na gawa ng mga *Orientalist* na nagpapanggap na mga Muslim bilang pagsisinungaling. Na sila ay nagdadala ng maling paniniwala at naghahangad na sirain ang dakilang katuruan ng *Islâm*, at siraan ang matuwid na pananampalataya at batas ng *Islâm* na ang mga katuruan nito ay ganap at walang anumang pagkukulang.

Nang dahil dito ay minarapat ng *King Fahd Complex for the Printing of the Holy Qur'ân* sa *Al-Madinah Al-Nabawiyyah* na pasanin sa balikat nito ang pagpapalabas ng mapagkakatiwalaang pagsasalin ng mga kahulugan ng *Qur'ân*, ito ay bilang pagbibigay ng kahalagahan sa pagpapahayag ng mensahe ng *Qur'ân* na Kataas-taasan, sa mga hindi nakakapagsalita ng wikang *Arabic*, sa sarili mismo nilang wika.

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay wagas na para sa Allâh (ﷻ) lamang na '*Rabb*' ng sanlibutan, at nawa ang kanyang pagpapala at kapayapaan ay mapasa-kanyang Propeta Muhammad (ﷺ), sa kanyang mga '*Sahâbah*,' sa mga *Tabi`een* at sa mga matutuwid na sumunod sa kanila hanggang sa huling araw.